
## Hakbang 4 Itataguyod ang suportang edukasyon para sa may espesyal na pangangailangan!

Pagbutihin ang patuloy na suporta mula pa pagkabata sa mga nangangailangan ng espesyal na suporta. Pagyamanin ang kinakailangang tulong para sa kanilang pagsasarili at partisipasyon sa lipunan

**Layunin :** Ang lahat ay mahanapan ng trabaho sa upper secondary high school **na may espesyal na pangangailangan sa mga kumpanyang nagnanais magbigay ng trabaho dito.**

- Pagtanggap sa personal na medikal rekord na ginamit na suportang impormasyon
- Pagsasakatuparan ng nais nitong direksiyon depende sa training at pag-unlad sa lugar ng trabaho.
- Special needs school East Kishu Kuroshio Academy (main school), Shine special needs school at ang preparasyon ng Matsusaka area special needs school (tentative name).

Paaralan para sa may espesyal na pangangailangan sa prepektura, bilang ng mga bata at estudyante na nag-aaral sa klase na may espesyal na pangangailangan sa public elementary at junior high school at teaching school para sa espesyal na klase (Prepektura ng Mie).




### Personal na medikal rekord

Sa isang file na nakabuod ang record ng nilalaman ng suporta at pagbabago na tinatanggap ng bata, ito ay pupunan ng bata mismo o ng magulang at magiging pag-aari nito. Dahil dito, magiging maayos ang susunod na mga suporta na magagamit sa konsultasyon sa edukasyon at pag-pasok sa paaralan.

## Hakbang 5 Hakbang 5 Magsisikap kami sa isang lugar na ang sinuman ay panatag na makakapag-aaral!

Pagbutihin ang pag-iwas sa sakuna at mga hakbang para sa pag-iwas sa sakuna upang maprotektahan ang buhay ng mga bata. Gayundin, magsisikap kami sa isang kapaligirang panatag na makakapag-aaral, base sa problema na may koneksiyon sa kahirapan at bullying o pang-aapi.

**Layunin : Madagdagan ang mga bata na maramdaman ang kapanatagan ng loob sa buhay paaralan.**

Kung mayroon anumang alinlangan, maaring komunsulta sa mga guro o school counselor ng paaralan.
Nagsasagawa din ng konsultasyon sa telepono at pagbisita sa sentro ng pangkalahatang edukasyon sa prepektura ng Mie.



- pagpapahusay ng pag-aaral sa pag-iwas sa sakuna at hands-on na pag-aaral sa pag-iwas sa sakuna na ginamit sa disaster prevention notebook
- Paraan sa pag-iwas sa mga bumabagsak mula sa kisame sa lugar ng indoor sports ng paaralan.



Magkasamang pagsasanay sa sakuna ng junior high school at maliliit na bata

- Mabilis na solution sa pagsasa-ayos ng pagbubuo ng bullying o pang-aapi
- Pagpapabuti ng sistema ng konsultasyon at suporta mula sa school counselor at school social worker
- Pagpapabuti ng suporta sa pag-aaral base sa karagdagang aralin at area ng paaralan
- Pang ekonomiyang suporta alinsunod sa pagpasok sa paaralan (pagpapaaral sa high school students at pagpapaaral sa high school sa distrito ng Mie)

## Hakbang 6 Magbubuo ng nagnining-ning na paaralan na bubuksan sa komunidad!

Ipagpapatuloy ang "pagbibigay kulay at pagpapaganda ng paaralan at "pagbuo ng paaralan kasama ang komunidad" kung saan kasamang nagplano ang mga magulang at mga local na residente.

**Layunin : Pagsisikap ng komunidad at paaralan upang madagdagan ang mga lungsod, bayan at paaralan**

- Itaguyod ang pagpapakilala ng suporta sa paaralan ng regional headquarters at komunidad at paaralan
- Itaguyod ang mga gawain sa edukasyon kung saan nakiisa ang komunidad
- Magtatag ng major sa Yokkaichi Technical High School



### Komunidad at Paaralan

Ang lahat sa komunidad at paaralan ay sama-samang ilalabas ang kaalaman, sa pamamagitan ng paglalahad ng opiniyon sa pamamahala ng paaralan, ito ay magiging isang gawaing susuporta sa mayamang paglaki ng mga bata habang kasama tayong nakikiisa.



Mga bata na magsasaka ng palay kasama ang mga local na residente.

Para sa mga nilalamang detalye, maaaring bisitahin ang Web page ng Department of Education sa Prepektura ng Mie o magtanong sa sumusunod na impormasyon.

Mga mithiin sa edukasyon sa Prepektura ng Mie

http://www.pref.mie.lg.jp/KYOIKU/HP/

Prepektura ng Mie at Department of Education sa Prepektura ng Mie
Postal code : 514-8570
No. 13 Koumei cho, Tsu city, Mie Prefecture
TEL 059-224-2951
FAX 059-224-2319
e-mail kyosei@pref.mie.jp

QR Code




Department of Education sa Prepektura ng Mie mascot character Miebi



# Mga mithiin sa Edukasyon sa Prepektura ng Mie

Sa taon 2016 - 2019

## ~Para sa pag-asa at kinabukasan ng mga bata~

Inilunsad ang "Mga mithiin sa Edukasyon sa Prepektura ng Mie " upang maipahayag ang pagsisikap at layunin ng Edukasyon sa Prepektura ng Mie sa loob ng susunod na 4 na taon. Kaagapay ang paaralan, pamilya at komunidad, pagbutihin natin ang edukasyon "Para sa pag-asa at hinaharap ng mga bata" ng Prepektura ng Mie.

## Mga Deklarasyon ukol sa Edukasyon sa Prepektura ng Mie

- Na ang bawat bata ay walang katulad at sinuman ay nagtataglay ng walang limitasyong potensyal.
- Na ang nagnining-ning na anyo ng mga bata sa komunidad at aktibong lalahok sa pandaigdig sa hinaharap ay ang ating pag-asa at kinabukasan.
- Na magtatag ng lupang punlaan ng potensyal ng mga bata sa edukasyon. Mayroong marangal na misyon na hayaan itong bumukadkad at lumikha ng kapaki-pakinabang na "kinabukasan."
- Na ang hangarin namin para sa mga bata ay matutunan nitong,
  - Magkaroon ng adhikain upang maging lakas sa pagtupad ng mga pangarap habang may kagalakan sa pagkakaroon ng buhay.
  - Kaagapay ang iba pa na bumuo ng lipunan.

Ipakita ang lakas ng "sariling kakayahan" at "kasiyahan sa pakikipagkapwa" upang maka-survive sa panahong ito ng masidhing pagbabago.

Habang pinapahalagahan ang bawat araw at bawat sandali, ang mga matanda sa paligid ay buong loob na magsisikap sa lubos ng kanilang makakaya para sa edukasyon ng mga bata.

- Idinedeklara namin ngayon na naniniwala kami sa mga bata. Mula sa pananaw na "Ang bawat araw ay isang punto sa sanga ng daan patungo sa kinabukasan," sa lubos ng aming makakaya magsisikap kami para sa edukasyon ng Mie.

### Mga pangunahing hakbang

- Pagpapabuti ng kakayahan sa edukasyon
- Itaguyod ang paghubog sa puso
- Pataasin ng physical fitness
- Itataguyod ang suportang edukasyon para sa may espesyal na pangangailangan
- Bubuo ng lugar na ang sinuman ay panatag ang loob sa pag-aaral
- Magbubuo ng nagnining-ning na paaralan na bubuksan sa komunidad



March 2016
Prepektura ng Mie at
Department of Education sa Prepektura ng Mie

# Ang kalagayan ng mga bata ngayon sa Prepektura ng Mie

**Kakayahan sa Edukasyon**

Bagamat makikita ang pagtaas sa resulta ng pambansang survey sa kakayahan sa edukasyon at sitwasyon sa pag-aaral taun-taon, ngunit mababa ito sa pambansang average sa lahat ng subject.

**Nakasanayang Lifestyle**

Ang oras ng pag-aaral o pagbabasa sa bahay ay mas maikli kumpara sa pambansa. Karamihan sa mga bata ay mahaba ang oras na ginagamit sa smart phone o internet.

**Physical Fitness**

Ang resulta ng Physical fitness test sa parehong kalalakihan at kababaihan elementarya at Junior high school ay isang rekord. Nalagpasan ng lalaking Junior high school ang pambansang average rekord

Purihin ang mga bata,
palakasin ang loob
at pataasin ang pagiging masigasig.
Kailangan namin ang iyong tulong upang lumikha
ng isang kapaligiran na maaaring tumutok
sa pag-aaral.




Maging modelo tayong mga matanda
ng mga bata.
Gumawa tayo ng mga rules sa bahay ukol
sa paggamit ng games o smart phone.



Bigyan natin ng malusog na lifestyle.
Maaga matulog, maaga gumising, agahan!
Masanay sa exercise sa tahanan.






### Resulta ng survey sa mga subject ukol kakayahan sa edukasyon

(Pambansang survey sa kakayahan sa edukasyon at sitwasyon sa pag-aaral)

Ang karaniwang porsyento ng mga tamang sagot sa 4 na subject (Wikang pambasa A) (Wikang pambansa B) (Arithmetic A) (Arithmetic B). Ang mga tanong sa A ay nauukol sa "kaalaman", ang B naman ay nuukol sa "paggamit".





### Sitwasyon ng pag-aaral sa tahanan

(Pambansang survey sa kakayahan sa edukasyon at sitwasyon sa pag-aaral)

Bukod sa lesson sa paaralan, ang proporsiyon ng pag-aaral ng higit sa isang oras sa regular na araw (kasama na ang juku)







### Sitwasyon sa paggamit ng internet at iba pa.

(Pambansang Survey sa kakayahang sa edukasyon at sitwasyon sa pag-aaral)

Ang proporsiyon sa paggamit ng smart phone sa tawag, mail at internet ay mahigit pa sa 3 oras sa regular na araw.







### Resulta ng Physical Fitness test

(Pambansang survery sa Physical Fitness, kakayahan at kinagawian sa sports)

Physical fitness total points ng 8 events (lakas ng paghawak, long seat body anteflexion, paulit-ulit na horizontal jump, 20m shuttle run (itatagal sa pagtakbo), 50m run, nakatayong mahabang pagtalon, pagbato ng bola)






## Hakbang 1 Pataasin ang kakayahan sa akademiko!

Magsisikap kami na bumuo ng klase na mararamdaman ng mga bata ang "kasiyahan sa pag-aaral" "saya ng kaalaman." Gayundin, magpaplano upang bumuo ng habit sa lifestyle at pag-aaral.

**Layunin : Malagpasan ang pambansang average sa pambansang survey ng kakayahan sa akademiko at sitwasyon sa pag-aaral sa lahat ng subjects.**

- Pagpapabuti ng ginamit na lesson sa National survey ng akademikong kakayahan at kondisyon sa pag-aaral sa Elementarya at Junior high school na 3 set, Mie study, check at worksheet.
- Mapahusay ang aktibong pagtuklas at paglutas sa issue at matutunang makiisa sa pag-aaral (ang tinatawag na active learning)
- Guwama ng check sheet ng mga activities sa nakasanayang lifestyle at nakasanayan sa pag-babasa.



I-check ang
nakasanayang lifestyle
sa tahanan





Check sheet ng nakasanayang lifestyle at nakasanayan sa pag-babasa

## Hakbang 2 Itaguyod ang paghubog ng puso!

Linangin ang kahalagahan ng buhay at pananaw sa dignidad ng tao, magsagawa ng mga paghuhubog alinsunod sa stage ng paglaki mula sa pagkabata upang taasan ang kamalayan ng mga karapatang pantao at mga kaalaman sa kaugalian.

**Layunin : Paramihin ang mga batang may pag-iisip na may mabuting parte sa kanyang sarili.**

- Pagbutihin ang pagpapalaki ng bata upang linangin ang pagbuo ng karakter.
- Pagbutihin ang pag-aaral ukol sa iba' t-ibang issue ng karapatang pantao.
- Pagtataguyod ng materyales "Ang ating moral values" at "Prepektura ng Mie talaan ng puso" na ginamit sa pagtuturo ng moral values.





* Ang Moral values ay magiging parte ng curriculum mula 2018 sa Elementarya at 2019 sa Junior high school.

## Hakbang 3 Pataasin ang Physical fitness!

Pataasin ng Physical fitness at Pambansang Inter-high school championship (2018); Makikipagtulungan kami na palakasin ang mga gawain sa club activities para sa pambansang kumpetisyon ng junior high school sa pisikal na edukasyon (2020).

**Layunin : Pataasin ang physical fitness total score ng physical fitness test.**

- Ipatupad ang pagbuo ng mga layunin ng pagpapabuti ng Physical fitness (Sports project sa unang semester) (ang lahat ng mga estudyante ay maglalaro ng jumping rope at iba pa sa oras ng breaktime.)
- Magpapadala sa mga paaralan ng magtuturo sa club activities mula sa labas (mga nagtuturo ng sports sa komunidad)
- Hihikayatin ang mga bata na makilahok sa pangkalahatang high school mula sa posisyon "gagawin" , "manonood" at "susuporta" sa sports.



Pambansang Inter-high school championship sa taong 2018 *

Taon 2018 Impresyon sa pagkulay buong silangang dagat

Lumipad ng mataas sa kahit sinuman patungo sa himpapawid ng silangang dagat



* Ipapatupad sa itatatag na silangang dagat blog sa Aichi, Shizuoka at Gifu, kung saan ang Prepektura ng Mie bilang coordinator.